# AYALA

KIM KIMBERLY DERLA

Nagsara raw ang Ayala bridge kanina,
Naalala ko tuloy ang puso
kong sugatan at nagsara na.
Sa Ayala tayo unang nagkita
at tila may ilaw akong nakita
nang sabihin mong, "Mahal kita."
Sarado raw ang Ayala bridge kanina.
Walang pasabi.
Walang paalala.
Nagsara muna.
Katulad ng puso mo para sa akin
na tila nagsara na rin.
Walang pasabi.
Walang paalala.
Nagsara na ngang talaga.